

Mga Mapagkukunan kaugnay ng CARE Act para sa mga Nagpepetisyon

Maaaring mag-file ng mga petisyon kaugnay ng CARE sa mga county ng Glenn, Los Angeles, Orange, Riverside, San Diego, San Francisco, Stanislaus, at Tuolumne simula Lunes, Oktubre 2, 2023, at sa county ng Los Angeles simula Biyernes, Disyembre 1, 2023.

Ang mga petisyon ay dapat na ihain sa county kung saan naninirahan, natagpuan, o nahaharap sa kriminal o sibil na paglilitis ang tagatugon (respondent). **Ang mga petisyon ay hindi maaaring ihain sa alinman sa natitirang 50 county hanggang sa petsa ng pagpapatupad ng mga ito sa Disyembre 1, 2024.**

Pangkalahatang-ideya ng Proseso ng Petisyon

- Dapat punan ng mga nagpepetisyon ang mga kinakailangang form na naka-post sa website ng Judicial Council, at maaaring isumite ang mga petisyon sa mga korte na nakalista sa file ng mga lokasyon ng CARECourt.
- Kapag maghahain ng petisyon, ang patunay ng pagiging karapat-dapat ay dapat isumite sa anyo ng isang Deklarasyon ng Pangkaisipang Kalusugan (Mental Health Declaration) (Form CARE-101) at/o patunay na ang respondent ay nadetine nang hindi bababa sa dalawang panahon ng masinsinang paggagamot, na ang pinakahuling panahon ay sa loob ng nakalipas na 60 araw.
- Sa sandaling maihain at masuri ang isang petisyon, kung nalaman ng korte sa paunang pagsusuri na ang petisyon ay nagpapakita na ang respondent ay, o maaaring, karapat-dapat, ang hukuman ay magtatakda ng paunang pagharap sa korte sa loob ng 14 na araw kung ang petisyon ay inihain ng isang ahensya ng kalusugan ng pag-uugali (behavioral health agency) ng county, o aatasan ang behavioral health agency ng county na mag-imbetiga kung hindi sila ang nagpetisyon. Kung nalaman ng korte na ang petisyon ay hindi nagpapakita, sa paunang pagsusuri, na ang respondent ay, o maaaring maging, karapat-dapat, maaaring i-dismiss ng korte ang kaso.

Mga Form para sa Petisyon

- [Paano Maghain ng CARE 100](#)
- [Form para sa Petisyon \(CARE-100\)](#)

- [Form para sa Deklarasyon ng Pangkaisipang Kalusugan \(Mental Health Declaration Form\) \(CARE-101\)](#)
- [Impormasyon para sa mga Nagpepetisyon \(CARE-050- INFO\)](#)

Ang mga sumusunod na mapagkukunan ay nagbibigay ng impormasyon sa pamantayan sa pagiging karapat-dapat sa CARE, proseso ng CARE, at tumutulong sa matagumpay na pagkumpleto at paghahain ng mga petisyon. Kung hindi natugunan ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat o interesado ka sa mga alternatibo sa mga paglilitis sa CARE, ang mga opsyon ay maaaring talakayin sa [behavioral health agency](#) ng iyong county.

- [Website ng CalHHS CARE Act](#)
- [Impormasyon ng CalHHS para sa CARE Act Mga nagpepetisyon](#)
- [Website ng Judicial Council CARE Act](#)
- [Fact Sheet ng CARE Act](#)
- [Glossary ng mga Terminolohiya sa CARE Act](#)
- [Pamantayan sa Pagiging Karapat-dapat sa CARE Act](#)
- [Flowchart ng Proseso ng mga Paglilitis kaugnay ng CARE Act](#)

[Hanapin ang iyong lokal na California Court Self-Help Center](#) upang makakuha ng mga sagot sa mga tanong at makatanggap ng direktang suporta sa pagkumpleto at paghahain ng isang petisyon. Ang mga Self-Help Center ay maaaring magbigay ng legal na impormasyon at mga mapagkukunan nang personal, sa telepono, o online sa mga taong walang abugado.